

Ang Kapangyarihan ng Katotohanan sa Pananaliksik sa Filipino

CARLOS M. PIOCOS III, PH.D.

Lumalabas ang bagong isyung ng Daluyan: Journal ng Wikang Filipino ng Sentro ng Wikang Filipino ng Unibersidad ng Pilipinas-Diliman sa panahon ng pagragasa ng daluyong ng panlilinlang sa kamalayan nating mga Pilipino mula sa mga nakapangyayari sa lipunan. Sa konteksto kung saan ay pangunahing sandata ng may kapangyarihan ang hayagang distorsiyon ng kasaysayan ng ating bayan upang madiskaril ang ating kinabukasan, ano nga ba ang politikal at etikal na taya ng mga iskolar sa Filipino sa kanilang pag-aaral sa wika, kultura at lipunan? Bakit mahalagang magpatuloy sa paglikha at pagpapakalap ng karunungan mula sa malalim at matibay na pundasyon ng pananaliksik?

Sa diseminasyon ng iskolarsyip sa Filipino, naipapakita ang kahalagahan ng pagsalig sa kritikal na interogasyon sa ating lipunan. Mula sa pagpupunla ng kritikal na pag-iisip na ito, napagyayabong ang malaya at mapagpalayang kamalayan. Para sa mga iskolar, mahalaga ang aktibong pagsasanay ng akademikong pagkamamamayan kung saan ay malayang nagbabahaginan ang lahat ng produkto ng kanilang intelektuwal na paggawa tungo sa higit na demokratisasyon ng siyentipikong pagtuklas at mapagpalayang karunungang makapagsusulong ng panlipunang pagbabago. Mahalagang maitaguyod ang politika at etikang ito ng akademikong pagkamamamayan sa harap ng kapangyarihan, sa gitna ng dominanteng sulsol ng kapangyarihan na balewalain ang malalim na saliksik at magparahuyo na lamang sa kasinungalingan at panlilinlang. Sa patuloy na paglikha at paglalathala ng mga kritikal na akdang ito, itinataya ng mga mananaliksik na Pilipino ang halaga ng masusing pag-aaral at malalim na

pag-unawa sa lipunan sa ating pagsasanay at pagsasabuhay ng mas kritikal at progresibong pagkamamamayan.

Ito ang nais itaya ng Daluyan sa paglalathala ng anim na artikulo sa isyung ito. Maaaring sabihing nahahati sa dalawang agos ang mga artikulo sa isyung ito: ang unang tatlong artikulo ay paggalugad sa wika at kalinangang umuusbong sa lupa, katutubo at kaligiran ng bayan habang ang huling tatlong artikulo naman ay eksplorasyon sa mga naratibong umuusbong sa mga wika't kalinangang ito gamit ang pag-aaral ng mga kontemporeong midya.

Sa artikulo ni Joanne Visaya Manzano na “Potensiyal ng Kadagaan sa Pakikibaka para sa Lupa: Danas ng Hacienda Sta. Isabel at San Antonio,” tinalakay ng may-akda ang kapangyarihan ng diwa ng “kadagaan” upang mailarawan ang pakikibaka sa lupa ng mga migranteng Ilokano. Gamit ang dokumento sa artsibo at mayayamang naratibo ng mga magsasakang Ilokano, napagtahi-tahi ni

Manzano ang masalimuot na kasaysayan ng repormang agraryo mula sa pagsandig sa pagpapahalaga sa lupa ng mamamayan at paglaban ng iba't ibang salinlahi ng mga magsasakang nandarayuhan upang mabuhay nang marangal sa pangako ng lupang matatamnan.

Pagsulong naman sa mas malalim na pagkaunawa sa wika ng katutubo ang artikulo nina Noah Cruz at Yedda Joy Piedad. Sa "Ilang Tampok na Katangian ng Ponolohiya ng Wikang Ayta Magbukun," pinag-aaralan ang iba't ibang aspekto ng tunog sa pagbigkas at gamit sa wikang ito. Mahalaga ang kontribusyon ng pag-aaral na ito dahil nakatutulong ang ganitong uri ng dokumentasyon at pagsusuring lingguwistiko hindi lamang sa pangangalaga kundi maging sa muling pagpapayabong ng wika at kalinangan ng mga katutubo, lalo't isa ito sa tinatayang mayroong pinakakaunting populasyong gumagamit pa rin sa kasalukuyang panahon.

Sa "Babaylanismo: Ang Maka-Pilipinong Ekofeministang Lapit sa Pagsusuri ng mga Eko-Siday," ipinapanukala naman ni Ian Mark P. Nibalvos ang isang posibilidad ng pagbasa ng tulang Waray o siday gamit ang lokal na perspektiba o paglolokalisa ng diskursong ekofeminismo. Gamit ang idea ng babaylan, isinusulong ng may-akda ang konsepto ng babaylanismo na nagdurugtong sa historikal na pakikibaka ng kababaihan tungo sa pagbabago sa kaniyang ekolohiya, na pinagsanib na lipunan at kalikasan. Para kay Nibalvos, isang posibilidad ito sa mas malalim at mas lapat na pag-unawa sa mga akdang pampanitikan sa rehiyon, partikular sa mga napili niyang siday na tumatalakay sa babae at ang kaniyang kaligiran.

Ang susunod na mga artikulo ay tungkol naman sa kontemporaneong midya at naratibo: popular na pelikula, nobelang romansa at progresibong pamamahayag. Kritikal ang lapit ni Jay Jomar Quintos sa isang sikat na horror franchise na Shake, Rattle and Roll sa kaniyang artikulong "Kartograpiya ng Takot at Sindak sa Karakter ng "Aswang" sa Ilang Piling Pelikula ng Shake, Rattle, and Roll." Nakasentro ang pagsusuri ng may-akda sa nabubuo at nagbabagong pigura ng "aswang" sa popular na kultura, partikular sa serye ng pelikulang ito, at pinag-aralan kung paano nito sinasalamain ang mga kontradiksiyon ng postkolonyal na pagbabansa at ang takot at sindak ng pang-araw-araw na realidad ng lipunan at politika sa Pilipinas.

Popular na kultura din ang tinahak na landas ni Mar Anthony Simon dela Cruz ngunit mga nobelang romansa naman ang kaniyang sinuri. Sa kaniyang artikulong "Mga Tauhang Walang Kasaysayan, mga Naglalahong Lugar at Panahon: Ang Pagsasalin ng Precious Pages ng mga Nobelang Romansang Harlequin," pinag-aralan ng may-akda ang nabubuong praktika ng pagsasaling komersiyal ng lokal na popular na publisista ng mga nobelang romansa mula sa isang sikat na global na tagapaglathala. Sa mga pamamaraang teknikal ng mga tagasalin ng Precious Pages ng pagbabago at pagbubura ng detalyeng dayuhan upang mailokalisa at maipopularisa ang mga kuwento ng Harlequin sa mambabasang Pilipino, tinalakay ni Dela Cruz ang ugnayan ng lohika ng komersiyo sa nabubuong polisiya ng pagsasalin ng kulturang popular.

Kung tungkol sa kulturang popular ang naunang mga akda, ginagalugad naman ng huling artikulo sa isyung ito ang alternatibong midya at progresibong pagbabalita. Sa "Ang Alternatibo sa Alternatibong Pamamahayag: Isang Kritikal na Diskursong Analisis sa mga Balita ng AlterMidya" ni Christian Gopez, tinalunton ng may-akda ang radikal na lunsaran ng pamamahayag na lumalaban sa kalakaran, nilalaman at umiiral na dominanteng ideolohiya ng komersiyal at makapangyarihang mga midya sa bansa. Mahalaga ang ganitong pag-aaral sapagkat ipinapakita na hindi ang pagpapaniwala sa fake news at dis-impormasyon ang susi sa pagtuligsa sa mainstream media na madalas ay pinapalakad ng komersiyo at kapital. Binibigyang pansin sa artikulo na may mga mamamahayag na matapang na naglalahad at sumusuri sa mga isyu at suliranin ng lipunan, habang nakasandig pa rin sa kritikal na pag-iisip at katotohanan.

Mula sa anim na bagong artikulong ito sa Daluyan, itinataguyod ng journal ang aming misyong patuloy na maging lunsaran ng pananaliksik na sumasandig sa malalim at kritikal na pagsusuri ng wika, kultura at lipunan. Naw'ay maging kontribusyon ito sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng kaalaman sa Filipino at Pilipinas na magsusulong ng halaga ng kritikal na pagkamamamayang sumasandig sa pagsasaliksik sa katotohanan. ♦